ITSEK ANG IYONG HAND SANITIZER!

Huwag gamitin ang mga produkto sa FDA list na ito

Noong 8/14/20, pinayuhan ng FDA ang mga konsyumer na huwag gamitin ang mga 157 produkto na ginawa ng 46 na kumpanya. Mangyaring tingnan ang listahan ng FDA para sa pinakabagong impormasyon dahil ito ay madalas na binabago.

Ang listahan ay kinabibilangan ng mga produkto na maaaring:

- Naglalaman ng methanol (wood alcohol) o 1-propanol na maaaring magsanhi ng malubhang mga problema sa kalusugan tulad ng pagkabulag, pinsala sa nerbiyo (nerve), at kahit kamatayan.
- Maging kontaminado ng mga mikrobyo.
- Hindi naglalaman ng sapat na alkohol para gumana nang wasto.

Mga Payong Pangkaligtasan sa Hand Sanitizer

- Huwag lumunok ng hand sanitizer.
- Panatilihing hindi naaabot ng mga bata ang mga hand sanitizer at pangasiwaan ang paggamit nila.
- Iwasan ang mga produkto na nagsasabing “Aprubado ng FDA” sa label – walang mga hand sanitizer na aprubado ng FDA.
- Humanap agad ng medikal na atensyon kung ikaw ay nakalunok ng hand sanitizer o nakakaranas ng mga sintomas pagkatapos ng ilang ulit na paggamit ng mga produktong ito sa inyong balat. Ang mga sintomas ay kinabibilangan ng sakit ng ulo, malabong paningin o pagkabulag, pagkahilo, pagsusuka, sakit ng tiyan, pagkalito, pagkawala ng koordinasyon, nabawasang pagkaalerto, napabagal na pulso at paghinga, iritasyon sa balat o mata.
- Makipag-ugnayan sa inyong poison center 1-800-222-1222 para sa payo.

Ang listahan ng FDA sa mga produkto na iiwasan ay matatagpuan sa:
www.fda.gov/drugs/drug-safety-and-availability/fda-updates-hand-sanitizers-consumers-should-not-use